

Ano ang mangyayari kapag natapos ka na sa iyong treatment?

What happens after you finish treatment?

Kung iinumun mo ang lahat ng iyong gamot, hindi malamang na magkaka-TB ka muli.

Maaari kang hilinging bumalik sa klinik pagkatapos ng iyong treatment upang imonitor ang iyong kalusugan.

Kung pakiramdam mo na may sakit ka na naman at may mga sintomas ka ng TB, tawagan ang iyong family doctor o klinik upang mag-appointment.

Saan ka makakatawag kung mayroon kang mga katanungan? Where can you call if you have questions?

Sa iyong health care provider:

Tel: _____

BC Centre for Disease Control TB Clinics:

Vancouver TB Services Clinic:
655 West 12th Avenue
604-707-2692

New Westminster:
100-237 Columbia Street East
604-707-2698

www.bccdc.ca



BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Pulmonary Tuberculosis Pulmonary Tuberculosis

Ano ang pulmonary tuberculosis (TB)? What is pulmonary tuberculosis (TB)?

Ang tuberkulosis (TB) ay sanhi ng isang bakterya.

Maaaring maapektohan ng TB ang anumang bahagi ng katawan, pero pinaka-karaniwan ito sa **mga baga**. Ito'y tinatawag na pulmonary TB disease.

Ito'y **kumakalat sa hangin** kapag ang isang taong may nakakahawang sakit ng TB sa baga ay umubo, nagsalita, kumanta, o bumahing ng bakteriya sa hangin.

Kung mayroon kang TB sa iyong mga baga, maaari mong ikalat ang TB sa ibang mga tao.

Pero ang magandang balita ay: **Magagamot ang TB!** Sa British Columbia, libre ang gamot sa TB.

Ano ang mga sintomas ng sakit na pulmonary TB? What are the symptoms of pulmonary TB disease?

Maaaring mayroon ka ng ilan o ng lahat ng mga sintomas na ito:

- **Ubo**, bago o lumalalang ubo, nang mahigit sa 3 linggo
- **Dura o uhog**, na paminsan-minsan ay may dugo
- Lagnat
- Pinagpapawisan sa gabi
- Kawalan ng ganang kumain
- Pagbawas ng timbang
- Pagiging mahina o sobrang kapaguran

Kung nalaman nang maaga na may TB ka, maaaring mabuti pa rin ang iyong pakiramdam.

Paano mo malalaman na ikaw ay may Pulmonary TB? How do you know you have Pulmonary TB?

Karaniwan, ang TB bacteria ay lumalaki mula sa isang **sputum** test at maaaring may mga pagbabago sa iyong **chest x-ray**. Inaabot nang ilang panahon upang lumabas sa mga test ang lahat ng impormasyon.

Paano mo mapapanatiling ligtas ang iyong mga kaibigan, pamilya, at ang iba kung ikaw ay nakakahawa? How can you keep friends, family and others safe when you are contagious?

- Manatili sa **bahay** kapag ikaw ay nakakahawa. Magsuot ng **mask** kapag may kasama kang ibang mga tao
- Huwag gumamit ng public transit
- **Huwag lumipad o umalis ng bansa** kapag ikaw ay nakakahawa – sabihin sa iyong health care provider kung nag-book ka na ng trip
- Simulan kaagad ang treatment at inumin ito nang regular
- Kumpletihin ang mga test upang masigurado na gumagana ang treatment
- Tutulong ang public health sa pag-asikaso sa mga TB test para sa iyong pamilya at mga kaibigan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa home isolation, bisitahin ang HealthLink BC:

<http://www.healthlinkbc.ca/healthfiles/hfile51c.stm>

Kailan ka maaaring bumalik sa trabaho, eskwelahan, at/o makihalubilo? When can you return to work, school and/or socializing?

Sasabihin sa iyo ng iyong health care provider kapag hindi ka na nakakahawa. Ang karamihan ng mga tao ay isolated nang kahit man lamang dalawang linggo, pero maaaring mas matagal. Depende ito sa **kung wala ng bakteriya ng TB sa iyong dura**.

Mabagal gumaling ang TB kaya't dapat mong ipagpatuloy ang TB treatment kahit na hindi ka na nakakahawa.

Paano ginagamot ang Pulmonary TB? How is Pulmonary TB treated?

Ang TB ay magagamot gamit ang **mga gamot sa TB**. Ang karamihan ng mga tao ay ginagamot nang **6 hanggang 9 na buwan**. Paminsan-minsan, kailangang **mas matagal** dapat inumin ng mga tao ang mga gamot. Mahalaga ang inumin mo ang iyong gamot tulad ng iniutos sa iyo kahit bumuti na ang iyong pakiramdam.

Sasabihin sa iyo ng iyong health care provider kung gaano mo katagal iinumin ang gamot sa TB. Ito'y depende sa kung anong gamot ang ibinibigay sa iyo, kung gaano kahusay nakakaya ng iyong katawan ang gamot, at kung gaano katagal bago gumaling ang iyong katawan.

Hihilingin kang **regular** na magpunta sa **klinik** upang makipagkita sa iyong health care provider at kumuha ng karagdagang gamot.

Magsasagawa ng **mga chest x-ray** at kukuha ng mga sample ng **dura** upang masigurado na gumagana ang mga gamot.

Magsasagawa ng **mga blood test** upang masigurado na ok ang iyong katawan sa treatment.